# Plano ng Lokal na Pamumuhunan para sa Connect Bay Area




Isang independiyenteng grupo ng mga mamamayan ang nagsumite ng mga lagda upang maisama sa balota ng Nobyembre 2026 ang isang panukalang 14 na taong buwis sa pagbebenta (sales tax) na sasaklaw sa 5 county, na pinahihintulutan ng Senate Bill 63, o ang Connect Bay Area Act. Kung maaaprubahan ng mga botante, ipatutupad ng panukalang ito ang isang panrehiyong buwis sa pagbebenta (sales tax) na ½ sentimo sa mga County ng San Mateo, Santa Clara, Alameda, at Contra Costa, at 1 sentimo sa San Francisco upang patatagin ang pagpopondo para sa pampublikong transportasyon ng Caltrain, BART, Muni, at iba pang ahensiya ng pampublikong transportasyon, at maiwasan ang pagsasara ng mga istasyon at paghinto ng mga serbisyo sa buong Bay Area, kabilang ang sa County ng San Mateo.



## Mga lokal na pamumuhunan sa County ng San Mateo

Ang panukalang ito ay magbibigay ng halos $50 milyon na taunang pondong lokal na nakalaan para sa pampublikong transportasyon sa County ng San Mateo na pamamahalaan ng SamTrans, na aabot sa kabuuang $700 milyon sa buong panahon ng pagpapatupad ng panukala. Ang lokal na pondong ito, na kilala rin bilang “return-to-source” funds, ay ganap na ilalaan para sa pampublikong transportasyon sa loob ng County ng San Mateo — walang pondong maaaring kunin ng Estado o ng mga ibang county sa labas.

## Isang Planong Pamumuhunan para sa Lokal na Serbisyo ng Pampublikong Transportasyon na Pinangunahan ng Komunidad

Matapos ang ilang buwan ng masinsinang pakikipag-ugnayan sa mga stakeholder at pagkuha ng input mula sa komunidad, pinagtibay ng SamTrans ang Connect Bay Area Local Investment Plan nito, isang roadmap para sa pamumuhunan ng mga pondong “return-to-source” kung sakaling maipasa ang panukala.

Ang plano ay sumasalamin sa malawak na outreach, kabilang ang mga presentasyon at pagpupulong sa mahigit 30 city councils at iba pang grupo, tatlong pagpupulong bawat isa kasama ang mga senior na kawani ng lungsod, county, at mga ahensiya na bumuo bilang Agency Advisory Group (AAG), pati na rin ang mga pagpupulong kasama ang iba pang lider ng komunidad sa Stakeholder Advisory Group (SAG), at isang multilingual na survey na nakalikom ng mahigit 1,800 na mga tugon.

Ang Connect Bay Area Local Investment Plan ay nagbibigay-prayoridad sa pagpopondo sa apat na larangan: Protektahan, Pahusayin, Palawakin, at Ayusin.

**$700 milyon**
sa Lokal na “Return-to-Source” na Pondo

**30+**
Mga pagpupulong para sa pakikipag

**1,800+**
Mga tugon at komento sa survey

**Nakipagpulong kami sa mga**
Cungsod, Tagapagtaguyod ng transit, mga Lider ng negosyo, at iba pa




**Protektahan:** Pigilan ang mga pagbabawas sa kasalukuyang mga serbisyo ng pampublikong transportasyon

**Pahusayin:** Pagandahin ang karanasan ng mga pasahero at itaguyod ang pagbawas ng trapiko sa pamamagitan ng maaasahan at episyenteng serbisyo, mas maayos na mga hintuan ng bus, at mga solusyon para sa last mile na serbisyo

**Palawakin:** Palawakin ang abot-kayang akses sa pampublikong transportasyon para sa mga komunidad na kulang sa serbisyo, kabilang ang mga baybaying lugar at mga bulnerableng populasyon

**Ayusin:** Ayusin at panatilihin ang tumatandang imprastraktura ng pampublikong transportasyon, kabilang ang mga hintuan ng bus at mga lubak sa mga ruta ng bus

## Mga Posibleng Proyekto at Serbisyong Kasama sa Local Investment Plan

### Protektahan
- Kasalukuyang serbisyo ng pampublikong transportasyon

### Pahusayin
- Mga proyektong Grand Boulevard Initiative sa El Camino Real
- Mga amenidad sa hintuan ng bus, kabilang ang real-time na impormasyon ng bus
- Mabilis, maaasahan, at walang emisyon na serbisyo ng bus sa hindi nagagamit na linya ng riles ng kargamento sa Dumbarton
- Prayoridad sa signal ng trapiko para sa pampublikong transportasyon
- Paglipat sa mga bus na walang emisyon
- Mga pagpapahusay sa ruta ng bus
- Bus route improvements

### Palawakin
- Mga serbisyo ng pampublikong transportasyon sa Silangan/Kanluran at Coastside
- Mga bago o pinalawak na Ride Plus o iba pang pilot na serbisyo
- Suporta para sa mga programang may libreng pamasahe at may diskwentong pamasahe
- Mga pagpapahusay sa paratransit na serbisyo
- Mga pagpapahusay sa mga ruta ng SamTrans

### Ayusin
- Panatilihin ang mga hintuan ng bus ng SamTrans
- Pagbibigay-diin sa kaligtasan at kalinisan
- Mga lubak sa mga kalsadang dinadaanan ng pampublikong transportasyon
- Proteksyon laban sa pagbaha para sa mga pasilidad ng bus

## Transparensya at pananagutan

Sa pag-adopt ng Connect Bay Area Local Investment Plan, nangako rin ang Board ng SamTrans na:

- Sumasailalim sa isang pampubliko at transparent na proseso upang bigyang-prayoridad ang pagkontrol sa gastos, paglikha ng kita, pananagutan, at kahusayan sa operasyon, na may layuning makamit ang katatagang piskal sa pagtatapos ng 14-taong termino ng panukalang buwis
- Pagbibigay ng regular na update sa Board tungkol sa kita mula sa panukalang buwis at sa mga pinopondohang proyekto
- Pagbuo ng isang pangmatagalang plano sa pananalapi upang tugunan ang kakulangan sa badyet nito at maghanda para sa patuloy na operasyon matapos ang pag-expire ng panukalang buwis
- Isinasaalang-alang ang iba’t ibang modelo ng mga estratehiya sa pagtitipid ng gastos at paglikha ng kita

samTrans

samtrans.com/localfunding /SamTrans @SamTrans @gosamtrans